

MGA URI NG PANG-URI (Types of Adjectives)

Ano ang pang-uri?

Ang pang-uri (adjective) ay salita na naglalarawan o nagbibigay-turing sa pangngalan (noun) o panghalip (pronoun). Ang pang-uri ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa isang pangngalan (tao, bagay, hayop, lugar, atbp.) o panghalip sa pangungusap.

May tatlong uri ng pang-uri: (1) pang-uring panlarawan (descriptive adjective), (2) pang-uring pantangi (proper adjective), at (3) pang-uring pamilang (numeral adjective or number adjective).

1. Pang-uring Panlarawan (Descriptive Adjective)

Ang pang-uring panlarawan ay nagsasaad ng laki, kulay, at hugis ng tao, bagay, hayop, lugar, at iba pang pangngalan. Maaaring ilarawan din ang anyo, amoy, tunog, yari, at lasa ng bagay. Ang mga pang-uring panlarawan ay karaniwang nagsasaad ng mga katangian na napupuna gamit ang limang pandama (five senses). Nailalarawan din ng mga pang-uring panlarawan ang mga katangian ng ugali, asal, o pakiramdam ng tao o hayop.

Mga halimbawa ng pang-uring panlarawan (may salungguhit ang pangngalan na inilalarawan ng pang-uri):

- Tanggapin mo sana ang aking **munting regalo**.
- Minasdan ni Maria ang kanyang sarili sa salamín na **biluhaba**.
- Si Delia ang babaeng nakasuot ng **pulang bestida**.
- Kailangan nating palitan ito ng **bakal** na tubo.
- Iwasan mong kumain ng mga pagkain na masyadong **matamis**.
- Sa aking panaginip, hinahabol ako ng isang **nakatatapot** na halimaw.
- Ipinagmamalaki ng mag-asawa ang kanilang **mabubuting anak**.
- **Malubha** ang karamdaman ng **matandang pulubi**.

2. Pang-uring Pantangi (Proper Adjective)

Ang pang-uring pantangi ay binubuo ng isang pangngalang pambalana (common noun) at isang pangngalang pantangi (proper noun). Ang pangngalang pantangi (na nagsisimula sa malaking titik) ay naglalarawan o tumutukoy sa uri ng pangngalang pambalana.

Mga halimbawa ng pang-uring pantangi:

- Ang pasalubong ni Tatay sa atin ay masarap na **longganisang Lucban**.
- Paborito ni Ate Trisha ang **pansit Malabon**.
- Mahilig si Henry sa pizza at iba pang **pagkaing Italyano**.
- Bigyang halaga ang kultura ng mga **katutubong Filipino**.
- Si Dennis ay mahusay magsalita sa **wikang Ingles**.
- Nagsaliksik kami tungkol sa mga katangian ng **kulturang Espanyol**.

3. Pang-uring Pamilang (Numeral Adjective)

Ang pang-uring pamilang ay nagsasabi ng bilang, dami, o posisyon sa pagkakasunod-sunod ng pangngalan. May ilang uri ng mga pang-uring pamilang.

Mga Uri ng Pang-uring Pamilang

a. **Patakarang Pamilang** Ito ay nagsasaad ng aktuwal na bilang ng tao o bagay. Ito ay mga basal na bilang o numeral.

Mga halimbawa ng patakarang pamilang (may salungguhit ang pangngalan na inilalarawan ng pang-uri):

- Mayroong **isang lalaki** na kumakatok sa pinto.
- Sina Mike at Grace ay may **apat na anak**.
- Bumili ako ng **limang itlog** sa tindahan.
- Higit sa **apat na libong tao** ang nasa mga *evacuation center*.

b. **Panunuran o Panunurang pamilang** Ito ay nagsasaad ng posisyon ng pangngalan sa pagkasunod-sunod ng mga tao o bagay. Isinasabi ng mga ito kung pang-ilan ang tao o bagay.

Mga halimbawa ng panunurang pamilang (may salungguhit ang pangngalan na inilalarawan ng pang-uri):

- Ako ang **ikulong mag-aaral** na napiling lumahok sa paligsahan.
- Nakamit ni Jason ay **unang gantimpala** sa paligsahan sa pagguhit.
- Ito ang **pangalawang pagkakataon** na ibibigay sa iyo ng hukom.
- Si Rodrigo Duterte ang **ika-labing anim** na **pangulo** ng Pilipinas.
- Gawin mo ang pagsasanay sa **ika-limampung pahina** ng aklat.

c. **Pamahagi o Pamahaging Pamilang** Ito ay nagsasaad ng bahagi ng kabuuan ng pangngalan. Ang unlaping *tig-* ay nagsasaad ng pantay na pamamahagi (equal distribution). Ginagamit ito kapag ang bilang ng bagay na ibinigay o natanggap ay parepareho.

Maaari rin na may anyong bahagimbilang o hating-bilang (*fraction* sa Ingles) ang pamahaging pamilang. Ginagamit din ang salitang **bahagdan, persentahe, o porsiyento** pagkatapos ng bilang para sa bahagi ng isang daan.

Ang mga sumusunod ay mga salita para sa mga bahagimbilang o hating-bilang:

kalahati (half, $\frac{1}{2}$)	sangkapat ($\frac{1}{4}$)
katlo (one-third, $\frac{1}{3}$)	sangkalima ($\frac{1}{5}$)
kapat (one-fourth, $\frac{1}{4}$)	dalawang-katlo ($\frac{2}{3}$)
kalima (one-fifth, $\frac{1}{5}$)	apat na kalima ($\frac{4}{5}$)
kanim (one-sixth, $\frac{1}{6}$)	limang-kawalo ($\frac{5}{6}$)
kapito (one-seventh, $\frac{1}{7}$)	pitong-kasiyam ($\frac{7}{9}$)
kawalo (one-eighth, $\frac{1}{8}$)	tatlo at kalahati ($3 \frac{1}{2}$)
kasiyam (one-ninth, $\frac{1}{9}$)	lima at sangkapat ($5 \frac{1}{4}$)
kasampu (one-tenth, $\frac{1}{10}$)	

Mga halimbawa ng pamahaging pamilang (may salungguhit ang pangngalan na inilalarawan ng pang-uri):

- **Tiglilimang kendi** ang ibibigay sa mga bata.
- Ang mga mag-aaral ay kumuha ng **tigalawang lapis**.
- **Kalahating mangkok** ng kanin lang ang kinain ni Carlo.
- Gumamit ako ng **sangkapat** na tasa ng mantika sa pagluto.
- **Lima at dalawang-katlong sako** ng bigas ang natira sa bodega.
- Upang maipasa ang panukala, kailangan ang boto ng **dalawang-katlong mayorya**.
- Inaasahan na magkakaroon ng **dalawampung bahagdang bawas** sa mga presyo sa Linggo.
- Maliit para kay Ginoong Luna ang **limang persentaheng tubo** kada taon.
- May **siyamnapung porsiyentong posibilidad** na pag-ulan sa rehiyon ng Bicol ngayon.

d. **Pahalaga o Pahalagang Pamilang** Ito ay nagsasaad ng halaga (katumbas na pera) ng bagay o anumang binili o bibilhin.

Mga halimbawa ng pahalagang pamilang (may salungguhit ang pangngalan na inilalarawan ng pang-uri):

- Ibinigay ng batang pulubi ang **pisong** kendi sa kanyang kapatid.
- Nabenta na ang **tatlong milyong** pisong bahay at lupa sa Mandaluyong.
- Nakatanggap ako ng **sandaang** pisong load kahapon.
- Bibilhin mo ba ang **limampung libong** pisong alahas?

e. **Palansak o Palansak na Pamilang** Ito ay nagsasaad ng pagpapang-pangkat ng mga tao o bagay. Itinutukoy nito ang bilang na bumubuo ng isang pangkat ng tao o bagay na pinagsama-sama. Halimbawa, ang palansak na pamilang na *dala-dalawa* ay may kahulugan sa Ingles na “by twos”, “in pairs” o “in groups of two.”

Mga halimbawa ng palansak na pamilang (may salungguhit ang pangngalan na inilalarawan ng pang-uri):

- **Sampu-sampu** ang tao na nagsisidagsaan sa mga *evacuation center*.
- **Dala-dalawang** pakete ng kape ang ibinebenta sa tindahan.
- **Dalawahan** ang mga upuan sa bus na ito.
- **Animan** ang mga estudyante sa bawat kuwarto ng dormitory.

f. **Patakda o Patakdang Pamilang** Ito ay nagsasaad ng tiyak na bilang ng pangngalan. Ang bilang na ito ay hindi na madadagdagan o mababawasan pa.

Mga halimbawa ng patakdang pamilang (may salungguhit ang pangngalan na inilalarawan ng pang-uri):

- **Iisa** ang pangarap ni Jessie at ito ay maging isang tanyag na mang-aawit.
- **Dadalawang** isda lamang ang nahuli ni Kuya Pedro.
- **Sasampung** miyembro pa lamang ang nagbabayad ng kanilang kontribusyon.
- **Lilimang** mag-aaral lamang ang pinayagan na pumunta sa lakbay-aral.